PAHINA NG IMPORMASYON PARA SA SERBISYO NG PROSESO

Ipinapaliwanag ng mga tagubiling ito kung paano kumpletuhin ang seksyong Serbisyo ng Proseso sa mga form na dapat ihatid sa lokal na ahensya ng sustento sa bata at sa iba pang magulang.

Isang 18 taong gulang o mas matanda ang dapat maghatid ng mga dokumento. Mayroong dalawang paraan upang maghatid ng mga dokumento: (1) sa pamamagitan ng personal na paghahatid, o (2) sa pamamagitan ng first-class na koreo. Dapat kumpletuhin ng taong naghahatid ng mga dokumento ang seksyon ng Katibayan ng Serbisyo sa form na inihahatid. **Hindi mo pwedeng ihatid ang sarili mong mga dokumento.**

MGA INSTRUKSYON PARA SA TAONG NAGSESERBISYO NG MGA DOKUMENTO (IMAKINILYA O ITITIK ANG FORM GAMIT ANG ITIM NA TINTA):

1. Dapat mong kumpletuhin ang isang patunay ng serbisyo para sa bawat pakete ng mga dokumento na iyong ihahatid. Halimbawa, kung hahatiran mo ng mga dokumento ang lokal na ahensya ng sustento sa bata at ang isa pang magulang, dapat mong kumpletuhin ang dalawang patunay ng serbisyo - isa para sa lokal na ahensya ng sustento sa bata at isa para sa isa pang magulang.
   a. **Personal na paghahatid.** Lagyan ng tsek ang kahon na ito kung ibinigay mo ang mga dokumento sa isang empleyado sa lokal na ahensya ng sustento sa bata o sa isang partidong pinangalanan sa mga dokumento.
      (1) Ititik ang pangalan ng lokal na empleyado ng ahensya ng sustento sa bata o ang pangalan ng partido na inabutan mo ng mga dokumento.
      (2) Ititik ang adres ng lokal na ahensya ng sustento sa bata o ng partido kung saan mo inihatid ang mga dokumento.
      (3) Isulat ang petsa kung kailan mo inihatid ang mga dokumento sa lokal na ahensya ng sustento sa bata o sa partido.
      (4) Isulat ang oras ng araw kung kailan mo inihatid ang mga dokumento sa lokal na ahensya ng sustento sa bata o sa partido.
   b. **Koreo.** Lagyan ng tsek ang kahong ito kung ipinadala mo ang mga dokumento sa lokal na ahensya ng sustento sa bata o isang partido sa pamamagitan ng koreo.
      (1) Ititik ang pangalang inilagay mo sa sobre na naglalaman ng mga dokumento.
      (2) Ititik ang adres kung saan mo ipinadala ang mga dokumento.
      (3) Isulat ang petsa kung kailan mo inihulog ang sobre na naglalaman ng mga dokumento sa koreo ng Estados Unidos.
      (4) Isulat ang lungsod at estado kung nasaan ka noong ipinadala mo sa koreo ang sobre na naglalaman ng mga dokumento.
2. Dapat mong ititik ang iyong pangalan, punan ang petsa, at lagdaan ang seksyon ng Patunay ng Serbisyo sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling. Kapag pumirma ka sa ilalim ng parusa sa pagsisinungaling, ipinahahayag mong totoo at tama ang impormasyong ibinigay mo.

Form Approved for Optional Use
Judicial Council of California
FL-611 T [Rev. January 1, 2003]

PAHINA NG IMPORMASYON PARA SA SERBISYO NG PROSESO

www.courts.ca.gov
American LegalNet, Inc.
https://www.uscourts.gov/services-forms/forms

Para lang sa Ingles na bersyong masasagutan online:
Para sa iyong proteksyon at pagkapribado, mangyaring pindutin ang buton na "I-clear ang Pormang Ito" pagkatapos ma-print ang porma.

I-print ang pormang ito

I-save ang pormang ito

Para lang sa Ingles na bersyong masasagutan online:
I-clear ang pormang ito